Kaiser Permanente

# Buod ng Patakaran sa Medikal na Tulong na Pinansiyal

Ang programang Medical Financial Assistance (MFA) ng Kaiser Permanente ay nagkakaloob ng tulong na pinansiyal para sa mga kuwalipikadong pasyente na nangangailangan ng tulong para sa pang-emerhensiya o medikal na kailangan na pangangalagang natatanggap nila sa isang pasilidad ng Kaiser Permanente o sa pamamagitan ng isang tagapagkaloob ng serbisyo ng Kaiser Permanente. Ang mga pasyente ay maaaring mag-aplay para sa programang MFA sa iba›t ibang paraan kabilang ang personal, sa pamamagitan ng telepono, o pagkumpleto at pagsumite ng isang papel na aplikasyon. Ang mga pasyente ay dapat makatugon sa mga iniaatas sa pagiging karapat-dapat na nasa ibaba upang maging kuwalipikado.

**Sino ang karapat-dapat para sa Tulong na Pinansiyal at ano ang mga kinakailangan?**
Ang programa ay tumutulong sa maliit ang kita, walang seguro, o kulang sa paglilingkod na mga pasyente na nangangailangan ng tulong sa pagbabayad para sa lahat o bahagi ng kanilang pangangalagang medikal. Sa pangkalahatan, ang mga pasyente ay karapat-dapat para sa Tulong na Pinansiyal kapag ang kanilang Kabuuang Kita ng Sambahayan ay nasa o mas mababa kaysa 400% ng Pederal na Panuntunan sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines, FPG) o may dipangkaraniwang mataas na mga gastos na medikal. Ang mga pasyente ay dapat makipag-usap sa isang Pinansiyal na Tagapayo upang malaman ang pagiging karapat-dapat at para sa tulong sa pag-aaplay.

*Ang pasyenteng karapat-dapat para sa medikal na tulong na pinansiyal ay hindi sinisingil ng higit sa mga halagang pangkaraniwang sinisingil (amounts generally billed, AGB) para sa emerhensiya o ibang medikal na kailangan na pangangalaga. Sumangguni sa* kp.org/mfa/nw *para sa impormasyon tungkol sa AGB.*

**Nagsusuri ba ang Kaiser Permanente ng mga pasyente para sa pagiging karapat-dapat para sa pampubliko at pribadong programa?**
Ang Kaiser Permanente ay nagkakaloob sa mga pasyente ng tulong upang matukoy ang posibleng mga pampubliko at pribadong programa sa segurong pangkalusugan na maaaring makatulong sa mga pangangailangan sa pagkuha ng pangangalagang pangkalusugan. Ang isang pasyenteng ipinapalagay na karapat-dapat para sa anumang pampubliko o pribadong programa sa segurong pangkalusugan ay inaatasang mag-aplay para sa mga programang ito.

**Ano ang sinasakop ng programa?**
Ang programang Medical Financial Assistance ay sumasakop sa lahat o bahagi ng medikal na kailangan na pangangalagang ipinagkakaloob sa isang tanggapang medikal, ospital, parmasya ng Kaiser Permanente o ipinagkakaloob ng isang tagapagkaloob ng serbisyo ng Kaiser Permanente. Ang mga uri ng serbisyong hindi sinasakop ay kabilang ang mga serbisyong hindi itinuturing na emerhensiya o medikal na kailangan ng isang tagapagkaloob ng serbisyo ng Kaiser Permanente, mga paggamot sa kakayahang magkaanak at mga serbisyong paghalili gayon din ang mga hulog sa pangangalagang pangkalusugan. Mangyaring tingnan ang isang mas kumpletong listahan sa patakaran ng MFA.

**Mayroon bang tulong na pangwika?**
Ang mga interpreter ay nakahandang maglingkod sa iyo nang walang bayad. Ang aplikasyon para sa medikal na tulong na pinansiyal, patakaran, at buod ng patakarang ito ay maaaring makuha sa iyong wika. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 800-324-8010 o bisitahin ang aming website sa kp.org/mfa/nw.

**Mayroon bang patakaran sa Tulong na Pinansiyal ang Kaiser Permanente?**
Maaari kang humiling ng libreng kopya ng patakaran sa Medikal na Tulong na Pinansiyal ng Kaiser Permanante sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-813-2000, pagpapakoreo sa 500 NE Multnomah Street, Suite 100, Portland, OR 97232, o pagbisita sa aming website sa kp.org/mfa/nw.

**Kailangan ng Tulong?**
Para sa tulong o mga tanong tungkol sa proseso ng aplikasyon para sa medikal na tulong na pinansiyal, mangyaring tumawag sa 808-813-2000, o kausapin ang isang Pinansiyal na Tagapayo na malapit sa Kagawaran ng Paggamit ng Pasyente ng mga Serbisyong Pangnegosyo sa alinmang ospital ng Kaiser Permanente.

**Paano ako dapat Mag-aplay?**
Maaari kang mag-aplay para sa medikal na tulong na pinansiyal sa iba›t ibang paraan -- sa pamamagitan ng paghiling ng impormasyon tungkol sa programa nang personal o sa pamamagitan ng telepono o paghiling ng isang papel na aplikasyon mula sa alinman sa mga sumusunod na pinagkukunan:

- Pinansiyal na Tagapayo na malapit sa Kagawaran ng Paggamit ng Pasyente ng mga Serbisyong Pangnegosyo o mesa ng pagpaparehistro sa alinmang ospital ng Kaiser Permanente
- Tumawag sa 800-813-2000

©2015 Kaiser Foundation Hospital;
Kaiser Foundation Health Plan, Inc

- Sa pamamagitan ng koreo (nang walang bayad) sa 500 NE Multnomah Street, Suite 100, Portland, OR 97232
- Mag-download ng aplikasyon sa pamamagitan ng Kaiser Permanente Community website sa kp.org/mfa/nw.

Mangyaring ibalik ang mga kinumpletong aplikasyon (kabilang ang lahat ng iniaatas na dokumentasyon at impormasyong tinukoy sa mga tagubilin para sa aplikasyon) sa mesa ng pagpaparehistro ng pinakamalapit na ospital ng Kaiser Permanente o ipakoreo ang aplikasyon sa: MFA Program, 500 NE Multnomah Street, Suite 100, Portland, OR 97232.

Susuriin ng Kaiser Permanente ang mga isinumiteng aplikasyon kapag kumpleto na ang mga ito at pagpapasiyahan kung ikaw ay karapat-dapat alinsunod sa Patakaran sa Medikal na Tulong na Pinansiyal ng Kaiser Permanente. Ang mga hindi kumpletong aplikasyon ay maaaring magresulta sa pagkaantala sa pagproseso o pagtanggi sa iyong aplikasyon para sa MFA, pero ang Kaiser Permanente ay magbibigay ng paunawa sa mga aplikante at magkakaloob ng pagkakataon upang ipadala ang kulang na dokumentasyon o impormasyon, bago lumampas ang iniaatas na huling araw.

©2015 Kaiser Foundation Hospital;
Kaiser Foundation Health Plan, Inc